Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

**SA PAHINA 2**
45 ARC PROJECTS SA 5 BAYAN, MATUTULOY PA BA?

**SA PAHINA 4**
Mensahe ni Gob. Tallado sa SP ukol sa ARCP-PAIRALIN ANG PUSO

**SA PAHINA 3**
AYON SA BLGF: MAY KAPASIDAD MANGUTANG ANG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG CAMARINES NORTE

**SA PAHINA 2**
10 RESOLUSYON ng PAGPAYAG SA ARCP2

# Isinusulong na ARCP2 ni Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel, naharang!





Idinulog ni Gob. Edgardo A. Tallado sa regular sesyon ng Sanggunian Panlalawigan (SP) noong ika-26 ng Hulyo, 2012 ang ang P453 Milyon Agrarian Reform Community Project (ARCP 2) NG Department of Agrarian Reform (DAR) para sa 5 bayan ng Camarines Nortena.

Ayon kay Gob. Tallado, kaya siya ay nagprisinta na makapagsalita sa sesyon ng Sanggunian Panlalawigan ay marinig ang kanyang sentimiyento at pakiusap na huwag naman na magamit sa pulitika itong proyekto. Ayon pa sa gobernador, "ang tanong ko lang po sa mga board members na ayaw matuloy itong ARCP2 na ito, bakit po kung kailan nasa dulong-dulo na tayo at mahigit pong isang taon na natin itong pinaghirapan saka po ninyo sasabihin na ayaw ninyong matuloy. Ako po ay nagtatanong lang sa inyo. Nung ako po ay Vice Governor, nariyan ang record sa sangguniang panlalawigan na magpapatunay na wala po akong hinarang na proyekto ni Governor Atoy Typoco, na nagsalita ako ng di pumapayag dahil alam ko po na ang mga proyektong iyon ay kailangan ng mga taga Camarines Norte".

Sinabi naman ni Vice Governor Jonah G. Pimentel na 10 Resolusyon na ang ipinasa ng Sanggunian para sa implementasyon ng ARCP 2

(Sundan sa pahina 5)

# NAKAKAPANGHINAYANG ANG DAR- ARCP
## P453 Milyon proyekto sa Camarines Norte

Kapwa nanlumo si Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Goberandor Jonah G. Pimentel sa resulta ng botohan sa Sangguniang Panlalawigan ukol sa badyet para sa equity ng ARCP2.

Ayon kay Gob. Tallado napakalaging karagdagang pondo ang manggaling sa ARCP at NGALGU (National Government Assistance to Local Government Unit) upang maisagawa ang mga kalsadang dapat ng ipaayos at iba pang mga pangangailangan ng probinsiya na mag-aangat ng buhay ng mga magsasaka at buong pamayanan sa mga rural barangays. Saan natin kukunin ang ganitong kalaking halaga. Ang pag-utang sa Land Bank of the Philipppine (LBP) bilang bakas natin sa proyekto ay hindi bawal. Pinapahintulutan ito ng batas lalo na't para ito sa bayan.

Sinabi naman ni Bise Gob. Pimentel, nakapanghihinayang ang P453 milyong proyektong ito. Ang halos umaabot sa P283 Milyon dito ay bigay sa ating probinsiya. Sa panayam sa radyo ay nagbigay ng komputasyon ang bise gobernador upang maunawaan ng mga mamamayan. (Tingnan sa pahina 3 ang nasabing komputasyon)

Dagdag pa ng bise gobernador, "nakakapag-isip ang pagbabago ng panindigan ng 7 bokal ukol sa ARCP2. Dati na silang bumoto dito, unanimously carried ang lahat ng aming resolusyon sa SP para isulong ang ARCP. In principle, pati equity at pag-utang sa banko ay ang pinayagan na nila. Nakakapagtaka na ng ihain na ang supplemental badyet para sa equity ay nagbago na ang kanilang desisyon.

Grabe ang pagsisikap namin ni Gob Tallado upang makapangalap ng pondo sa pag-unlad ng Camarines Norte. Ngunit sila naman ay iba marahil ang tingin sa aming ginagawa. Ika pa niya" Sa gusto maraming paraan, sa ayaw, maraming dahilan." *JAC*



KGG. JONAH G. PIMENTEL

*IBA PANG NILALAMAN:*

PAGMUMULAN NG PONDO NG ARCP2 - 3
APPROVED ARCP2 - 3
ARCP-MAIBSAN ANG KAHIRAPAN - 3
KONKRETO NA! 2.8 KM STA. ROSA SUR-SAN RAFAEL FMR - 4
ARCP2 PROVINCIAL PROJECT OFFICE - 6
PAGTATANIM NG BAKAWAN - 6
PGCEAP CHECK DISTRIBUTION - 6
3 SENIOR CITIZEN CENTERS AKREDITADO - 7
BALIGTASAN ATBP - 7
23RD PHIL. TRAVEL MART - 8

# 10 RESOLUSYON NG PAGPAYAG NG SP SA ARCP2, SINALUNGAT NG MGA BUMOTO DIN DITO

Noong isang taon Oktubre 4, 2011 ay pinagtibay ng Sangguniang panlalawigan ng Camarines Norte ng walang pagtutol ng isa man sa kasapi nito ang Resolution No. 321-2011 – A Resolution Expressing the Provincial Government of Camarines Norte's Commitment and Undertakings in the Implementation of the 2nd Agrarian Reform Communities Project (ARCP2) of the Department of Agrarian Reform with Funding Assistance from the Asian Development Bank.

Nobyembre 2011 ay pinahintulutan na ng SP si Kgg. Gob. Edgardo A. Tallado sa bisa ng Res.No. 375-2011 upang kumatawan sa Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa Sub Project Agreement and Accession Undertaking of Various Approved Projects with the DAR ARCP2.

Ngayong taon 2012 , 8 pang magkakahiwalay na resolusyon ang pinagtibay na wala ring pagtutol ng sinumang sanggunian panlalawigan member (SPM) upang isulong sa Camarines Norte ang Agrarian Reform Community Project 2 (ARCP 2) ng Department of Agrarian Reform (DAR)

Ang lahat na nabanggit na 10 SP resolusyon ay kinakitaan ng pag-sang ayon ngunit sa regular na sesyon nito noong Hulyo 26, 2012 ay hindi nito pinahintulutan ang badyet na P159 milyon na equity ng pamahalaang panlalawigan para sa ARCP2 na uutangin sa LBP.

Ang 7 SP member na tumutol ay sumulat din sa LBP na nagpapahayag ng kanilang pagtutol sa P159Milyon Loan aplication ng pamahalaang panlalawigan taliwas sa nauna nilang Resolution No. 124-2012 at Resolution No. 125. 2012.

Sa pagpasok ng kapitolyo ay makikita ngayon ang mga "placards" ng pagkadismaya sa naging resulta ng botohan sa SP at ang panghihinayang sa ARCP2 projects. *JAC*

**RESOLUSYON NG PAG-SANGAYON SA ARCP2**

1. Resolution No. 321-2011 October 4, 2011
**A Resolution Expressing the Provincial Goverment of Camarines Norte's Commitment and Undertakings in the Implementation of the 2nd Agrarian Reform Communities Project (ARCP2) of the Department of Agrarian Reform with Funding Assistance from the Asian Development Bank.** *(Unanimously Approved)*

2. Resolution No. 375-2011 November 8, 2011
**A Resolution Authorizing Hon. Gov. Edgardo A. Tallado to Represent the Provincial Government of Camarines Norte in the Sub Project Agreement and Accession Undertaking of Various Approved Projects with the Department of Agrarian Reform (DAR) re 2nd Agrarian Reform Communities Project (ARCP2).** *Unanimously Carried)*

3. Resolution No. 122-2012 March 22, 2012
**A Resolution Expressing Commitment and undertakings of the Province of Camarines Norte in the Implementation of the Agrarian Reform Communities Project 2 (ARCP2) in the Municipalities of Basud, Jose Panganiban Labo, Paracale and San Lorenzo Ruiz.**

4. Resolution No. 123-2012 March 22, 2012
**A Resolution Authorizing the Waiving of Rights to Confidentiality of Information and Authorizing the Land Bank of the Philippines (LBP) Daet Branch to Disclose to the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) All Information Pertaining to the Financial Transactions of the Provincial Government of Camarines Norte with the LBP and Further Authorizing the BSPO to Furnish Copy of Said Information the Department Of Finance.** *(Unanimously Approved)*

5. Resolution No. 124-2012 March 22, 2012
**A Resolution Authorizing the Hon. Gov. Edgardo A. Tallado to Sign, Negotiate and Transact and Eighty Nine Million Peos (P89,000,000.00) Loan with the Land Bank of the Philippines (LBP) to be Use as the Province's Counterpart to the ARCP2 Projects.** *(Unanimously Approved)*

6. Resolution No. 125-2012 March 22, 2012
**A Resolution Authorizing the Hon. Gov. Edgardo A. Tallado For and On Behalf of Camarines Norte to Enter Into a Loan Agreement with the Land Bank of the Philippines (LBP)/ Municipal Development Fund Office (MDFO) OF the Department of Finance in the Amount of Seventy Million Pesos (P70,000,000.00) for the LGUs Equity Counterpart in the Implementation of the Agrarian Reform Community Projects 2 ( ARCP 2).** *(Unanimously Approved)*

7. Resolution No. 137-2012 April 11, 2012
**A Resolution Affirming the Interest of the Provincial Government Unit of Camarines Norte and Authorizing Hon. Gov. Edgardo A. Tallado to Apply, Negotiate and Participate in MDFO Financial Program , and to Borrow Funds from the MDFO Under the Department of Finance (DOF) and Undertake Other Acts Necessary to the Effective Implementation of the Various Infrastructure Subprojects Under the ARCP2.** *(Carried Unanimously)*

8. Resolution No. 138-2012 April 11, 2012
**A Resolution Approving Appropriation Ordinance No. 07-2012, Entitled An Ordinance Approving the Appropriation for the Total Subproject Cost Relative to the Implementation of Subprojects Financed by the ARCP2 in the Municipalities of Basud, Labo and Paracale, this Province.** *(Unanimously Approved)*

9. Resolution No. 177-2012 May 17, 2012
**A Resolution Approving Appropriation Ordinance No. 13-2012, Entitled An Ordinance Approving the Appropriation for the Total Subproject Cost Relative to the Implementation of Subprojects Financed by the ARCP2 in the Municipalities of Basud, Labo, Paracale and San Lorenzo Ruiz, this Province.** *(Unanimously Approved)*

10 Resolution No. 197-2012 June 14, 2012
**Amend the Previously Enacted Appropriation Ordinance to the Implementation of Various Infra Projects, Construction of Provincial Hospital Building, Purchase OF Medical Equipment and Subprojects of ARCP2 (embodying Appropriation Ordinance No. 15-2012 entitled An Ordinance Approving the Appropriation of P598,239,232.27 Relative to the Implementation of Various Infra Projects, Construction of Provincial Hospital Building, purchase of Medical Equipment and Subprojects Financed by the ARCP 2).**
*(per approved resolution, all SPMs affixed their signatures except Pedron, Quiñones and Oliva, who per info were out of the province when their signatures were sought)*

## Isinusulong na...

*(Mula sa pahina 5)*

gays lang ang makikinabang sa ARCP2 at negatibo daw naman ang epekto nito sa 184 barangays. Sinabi niya na naniniwala siya na hindi magiging maramot ang mauuunlad na barangay na tulutan ang pag-angat mula sa kahirapan ng ibang barangay. Ang pag asenso ng bawat isang mamayan at bawat barangay ay tungo sa ganap na pag-unlad ng Camarines Norte na siyang kanyang hangarin, dagdag pa ni. Gob. Tallado. *JAC*

# 45 ARCP sa Camarines Norte matutuloy pa ba?

Sa 45 panukalang mga proyekto *(proposed projects)* na naisumite ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa DAR *Agrarian Reform Community Project 2 (ARCP 2)* 26 na ang naaprubahan kung saan ang 12 ay inaprubahan na ng *National Subproject Approval Committee (NSAC)* at 14 naman ang naaprubahan ng *Regional Subproject Approval Committee (RSAC)* na siya ring magtataya ng pinal na halaga ng *equity* para sa bawat proyekto. (tingnan ang listahan)

Ang mga proyektong ito ay sa para sa limang bayan: Jose Panganiban, Labo, Paracale, Basud at San Lorenzo Ruiz na mapalad na naging benepisyaryo ng *(ARCP 2)* matapos na isulong ni Gob. Edgardo A. Tallado na akuin ng pamahalaang panlalawigan ang "equity" ng 5 bayan.

Ngunit matapos na di pumasa sa Sangguniang Panlalawigan ang supplemental badyet para sa "equity" dahil sa di pag-sangayon ng mayoriya o 7 bokal, ang katanungan ng mga benepisyaryong barangay ay matutuloy pa ba ang implementasyon ng mga proyekto.

Base sa mga naunang resolusyon na pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan kanilang sinangayunan ang ARCP 2 at ang paglalaan ng "equity" para dito. Ito ay mga legal at opisyal na mga dokumento kung kaya nagpatuloy na ang proseso ng pag -aaral ng mga dokumento na isinumite ng pamahalaang panlalawigan, nagsagawa na ng inspeksyon ng mga lugar na

*(Sundan sa pahina 3)*

# MAIBSAN ANG KAHIRAPAN - *LAYUNIN NG ARCP2*

Ang *ARCP2* ay isang *foreign-assisted project* ng *Department of Agrarian Reform (DAR)* katuwang ang *Asian Development Bank (ADB)* na pinasimulan noong 2009 at magtatapos sa 2015.

Layunin nito na mabawasan ang dinaranas na kahirapan ng mga *Agrarian Reform Communities (ARCs)* **sa 18 lalawigan sa bansa kabilang na ang Camarines Norte** sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba't-ibang proyekto na makatutulong upang maiangat ang antas ng kanilang mga kabuhayan.

Ang ARCP 2 ay mayroong 4 na program components:

1. Rural Infrastructure (RI) - pagsasagawa ng mga proyektong inprastraktura tulad ng kalsada, tulay, solar dryer, water system, irrigation canal, warehouse atbp pang pasilidad na kailangan upang maging maayos at mapadali ang pagsasaka.
2. Agriculture and Enterprise Development (AED)-Dahilan sa presensiya ng mga pasilidad magbubunga ito ng mas mataas na produksyon sa sakahan, magbubukas ng bagong opportunidad sa kabuhayan, sa edukasyon, sa pag-unlad ng pamayanan.
3. Community Driven Development (CDD)-Hindi lamang pisikal na kalagayan ng pamayanang pansakahan ang iniaangat sa ARCP2 kundi ang kakayahan o kapasidad ng mga magsasaka, ng ARC organizations and gayundin din ng mga lokal na pamahalaan (LGU). Dahil sa mga proyekto ay nahihikayat ang indibidwal, pamayanan at pati mga namumuno sa barangay na kumilos
4. Project Implementation Management (PIM) -Sinisiguro ng DAR-ARCP2 ang mahusay at malusog na pamamahala para sa tagumpay ng proyekto at tuloy tuloy na pag-unlad ng mga agrarian reform communities.
5. Sa patakaran *(guidelines)* ng *ARCP 2*, ang *cost sharing* o hatian sa gastusin ng proyekto ay 30% *grant* at 70% *equity* para sa 1st - 2nd *class municipalities*; 3rd - 4th *class municipalities* - 40% *grant* at 60% *equity*, at para naman 5th - 6th *class municipalities* – 50% *grant* at 50% *equity*.

Sa ilalim ng *ARCP* 2, ang *Project Engineering Design, Program of Works* at iba pang suportang dokumento ay rerebisahin at aaprubahan ng *National Subproject Approval Committee (NSAC)* at *Regional Subproject Approval Committee (RSAC)* na siya ring magtataya ng pinal na halaga ng *equity* para sa bawat proyekto.

# 45 ARCP sa Camarines Norte...

*(Mula sa pahina 2)*

tinukoy sa mga panukalang proyekto at ang pag-apruba nito.

Isa sa mga kapitan na nagpahayag ng sama ng loob ay si Punong Barangay Wilma D. Calag ng Talubatib. Umiiyak siyang nagbigay ng panayam a radyo dahil sa kanyang pangamba na ang panukalang water system level II na napakatagal ng inaasam ng mga taga roon ay maaaring hindi na matutuloy. *JAC*

# *Ayon sa DOF-BLGF, may kapasidad* mangutang ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

Sa ipinalabas na Certification ng Bureau of Local Government Finance ng Department of Finance , ang Camarines Norte ay may kapasidad na mangutang sa banko para sa mga proyekto nito.

Nasasaad sa certification no 12-10-208 ang ganito: This is to certify that per records of this Office and the financial statements submitted and based on the Net Debt Service Ceiling in the amount of Sixty One Million Eight Hundred Twenty Nine Thousand Pesos (P61,829M) computed in accordance with Sec. 324b of the Local Government Code, the borrowing capacity for the Province of Camarines Norte for CY 2012 is FOUR HUNDRED TWENTY MILLION FIVE HUNDRED SIXTY ONE THOUSAND PESOS (P420.561M) within a 9-year repayment period and 6% interest rate.

Ang sertipikasyon ay ipinalabas bilang isa sa mahalagang dokumentong kailangan sa aplikasyon ng Pamahalaang Panlalawigan upang makautang sa Land Bank of the Philippines at Municipal Development Fund Office para sa "equity nito sa ARCP project na P159 Milyon.

Ang DOF BLGF Certification ay kinakailangan upang masiguro ang *"estimated debt service capacity"* ng isang lokal na pamahalaan na isa sa basehan sa pag-aaral ng banko kung pahihintulutan ang pag-utang.

Sinasabi sa sertipikasyon na ang uutanging halaga ay di dapat lalagpas sa *"maximum borrowing capacity"* na nasaad nga na P420.561M. Samantala, ang kabuuang inuutang ng pamahalaang panlalawigan ay halagang P254M: P159M para sa ARCP 2 at P95 M para sa iba pang proyekto. *JAC/ L. Rafon*

## APPROVED ARCP PROJECTS

**LABO -**

**1) *Concreting* ng Macogon *Barangay Road***
**2) C*oncreting* ng Malangcao Basud (Purok 6-7) *FMR***
**3) *Concreting* ng Purok 1 *FMR*, Talobatib**
**4) *Concreting* ng Purok 7 *FMR*, Talobatib**
**5) *Construction* ng DARBO *Multi-Purpose Bldg*, Daguit**
**6) *Improvement* ng Daguit *Day Care Center***
**7) *Construction* ng Malangcao Basud *Health Station***
**8) *Construction* ng *Solar Dryer*, Daguit**
**9) *Construction* ng *Solar Dryer*, Malangcao-Basud**
**10) *Rehabilitation* ng Macogon *Level II PWS*, Macogon**
**11) *Concreting* ng Naboongan-Igang *Road***

**PARACALE**

**12)*Concreting* ng Batobalani-Igang *FMR***
**13) Construction ng Dagang *Day Care Center***
**14) *Construction* ng *Multi-Purpose Building*, Batobalani**
**15)*Improvement/Expansion* ng *Level II PWS*, Brgy. Tawig**
**16)*Construction* ng Balumbon *Spring Level WS*, Dagang**
**17) *Concreting* ng Capacuan (Purok 1-5) *FMR***
**18) *Rehabilitation* ng Matanlang-Casalugan *FMR***

**BASUD**

**19) *Concreting* ng Caayunan *FMR***
**20) *Concreting* ng Tuaca-San Pascual *FMR***
**21) *Construction* ng *MPP/Solar Dryer*, Laniton**
**22) *Rehabilitation* ng Mampili *Level II PWS*, Mampili**

**SAN LORENZO RUIZ**

**23) *Concreting* ng Matacong-San Isidro *FMR***
**24) *Concreting* ng San Isido-Sitio Too *FMR***
**25) *Concreting* ng Purok 1-2, San Ramon *FMR***
**26)*Construction*-SIARBECO *Multi-Purpose Bldg/Warehouse***

**Ang lima (5) sa 26 na nakalistang proyekto ay mayroon ng *Special Allotment Release Order (SARO)* at nakatakda nang simulan anumang oras:**

**1) *Concreting* ng Macogon *Barangay Road, LABO* 2) Matanlang-Casalugan *FMR*, PARACALE 3)C*oncreting* ng Capacuan (Purok 1-5) *FMR*, PARACALE 4) *Concreting* ng Caayunan *FMR*, BASUD at 5) *Concreting* ng Tuaca-San Pascual *FMR*, *BASUD***

***Ang iba pang mga proyekto sa Basud, Labo, Paracale at San Lorenzo Ruiz at ang mga sumusunod na panukalang proyekto sa Jose Panganiban ay nasa pagsusuri pa ng NSAC:***

**JOSE PANGANIBAN**

*1) Construction of San Rafael-Sta. Rosa Norte FMR*
*2)Construction of Brgy. Tamisan FMR*
*3) Construction of Brgy. San Pedro FMR*
*4) Construction of San Martin FMR*

# PAGMUMULAN NG PONDO NG ARCP2


| | | |
|---|---|---|
| **A. ARCP2 GRANT :** | | **P 170,471,562** |
| **B. NGALGU GRANT:** | | **P 113,309,808** |
| | **Total** | **P 283, 781370** |
| **C. PROVL. GOVT. EQUITY** | | |
| **To be loaned from LBP** | | **P 88,982,746** |
| **To be loaned from MDFO** | | **P 70,000,000** |
| **Counterpart for NGAS** | | **P 10,475,115** |
| **TOTAL** | | **P453, 239,232** |

Sa kabuuang halaga na P453 MILYON, ANG P283MILYON ay mula sa DAR at NGALGU.

Samantala, 159 MILYON ang counterpart o ambag ng Provincial Government of Camarines Norte (PGCN) na uutangin sa LAND BANK OF THE PHIL. Ang P89+ MILYON at sa MDFO ang P70+ MILYON

Magbibigay ng 20% insentibo sa mahusay na implementasyon ng proyekto na sinisiguro ni Gob. Tallado. Ito ay kabawasang P90 MILYON mula sa 159 MILYON.

Maaaring ang kalabasan lamang ng magugol ng pamahalaang panlalawigan ay P80 MILYON lamang bilang bakas o "equity" para sa P453 Milyon DAR ARCP2 sa Camarines Norte.





## Mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado sa Sanggunian Panlalawigan ukol sa ARCP2

# Pairalin ang inyong puso

Kagalang-galang na Vice Gov. Jonah Pimentel, sa mga kagalang-galang na Board Members, sa mga staff ng Sangguniang Panlalawigan, sa mga kagalang-galang na mga barangays officials, sa inyo pong lahat magandang umaga po sainyo.

Kaya po nandito ako ngayong umagang ito para makiusap po sa mga kagalang-galang na board members para sa napaka-importante at napaka-mahalagang proyekto ng ating mahal na lalawigan na pagtutulungan ng provincial government, ng national government sa pamamagitan ng DAR at katuwang ang Asian Development Bank na may kabuuang pondo ngayong 2012 na P1.5 billion para sa buong Pilipinas.

Ang Camarines Norte po ay binigyan ng 456million para sa proyektong ito. Marami pong mga probinsya ang naiinggit ky Gob. Egay Tallado. Sabi po ng maraming gobernador, bakit po ang Camarines Norte ay napaka suwerte sa administrasyon ni Pinoy. Marahil ang sikreto lang diyan, siguro dahil masipag ako,matiyaga ako at nagkataong ang President ng Pilipinas ay aking kakampi. Naiinggit marahil sa atin ang ibang probinsya dahil ang iba po may pondo lang na P30 million at ang iba ay P50million. Subalit tayo ay may P550million - para talagang tumama sa lotto ang Camarines Norte.

Ito pong proyektong ito ay napakaganda dahil ang mga barangay official ay may partisipasyon sa implementation at monitoring. Alam po ninyo yan, dahil bumaba po ang DAR at Provincial Government at ibang pang ahensiya para po maipaliwanag ang kagandahan ng project na ito.

Almost 1year na natin itong tinatrabaho dahil sa dami ng mga requirements na dapat naming isumite. Hindi lang po iyan, pati po ang program of works ay inisa-isa ng DAR. Detalyado ang kanilang pagsusuri - pati ang mga gagamiting semento. Ibig po nitong sabihin ay napakaganda ng proyektong ito dahil sinisiguro ang mahusay na implementasyon nito.

Limang bayan po ang makikinabang dito lalo na ang mga barangay na matagal ng napabayaan….. na matagal ng ang problema nila ay kalsada. Karamihan sa proyekto sa ARCP2 ay concreting ng farm to market road.

Minamahal kong mga kababayan at mga barangay officials, sa ngayon ay nais kong malaman ninyo na hindi si Egay Tallado ang may kagustuhan kung hindi matutuloy itong project na ito. Baka may mga kwento na naman diyan na kaya hindi natuloy ito ay dahil si Egay Tallado ang humarang. Puwede ba naming harangin ko ito, ay eto po ay kailangan ng mga taga Camarines Norte.

Kaya ang tanong ko lang po sa mga board members na ayaw matuloy itong ARCP2 na ito, bakit po kung kailan nasa dulong-dulo na tayo at mahigit pong isang taon na

(Sundan sa pahina 6)

# Konkreto na! 2.81 km Sta. Rosa Sur-San Rafael

Kilala sa tawag na Inocalla Road na dati ay mahabang lubak-lubak na kalsada na di makapasok ang maliliit na sasakyan at hirap ang mga naninirahan dito sa byahe, kakaiba na ang itsura at kalagayan nito ngayon.

Salamat kay Gob. Edgardo A. Tallado Jr., ito ang nagkakaisang sambit ng buong Sanggunian Barangay ng Sta. Rosa Sur dahil sa pagsisikap niya na mangalap ng pondo para sa nasabing kalsada. Damang-dama din ang kasiyahan ng mga tagabarangay habang pinapasinayaan ang kalsada.

Binasbasan ni Rev. Fr. Joselito V. Chavez, Parish Priest ng Our Lady of Most Holy Rosary ng Jose Panganiban ang bagong konkretong kalsada, Sta. Rosa Sur-San Rafael Farm to Market Road noong ika-25 ng Agosto 2012.

Ang ribbon cutting ng bagong konkretong SRS-San Rafael fmr ay pinangunahan ni Gob. Tallado, Bise. Gob Jonah G. Pimentel, Board Member Edgar Dasco, Punong Barangay Manolito Solomon at mga kagawad ng barangay.

Ang kalsadang ito na may habang 2.81 km ay napondohan ng P20 Milyon mula sa Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP) at isinagawa sa ilalim ng PAMANA Roadmap Pillar 3 Projects.

Kabilang ang Sta. Rosa Sur-San Rafael fmr sa mga proyektong nakapaloob sa Memorandum of Agreement (MOA) na nilagdaan ni Sec. Teresita Quintos-Deles ng OPAPP at Gob. Tallado. Nasaad sa MOA ang paglilipat ng P140M sa pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte upang isagawa ang 5 proyekto:

1) *Concreting/Gravelling* ng Exciban-Dumagmang *FMR*-P 50 M; 2) *Concreting* ng Malibago-Malaya FMR - P 40 M; 3) *Concreting* ng Bakiad-Sta. Cruz-FMR-P10 M; 4) *Concreting* ng Pambuhan-Lanot *FMR* - P20 M, at 5) *Concreting* ng Sta. Rosa Sur-San Rafael *FMR* -P 20 M.

Ang PAMANA na ang kahulugan ay *Payapa at Masaganang Pamayanan* ay isang pangkapayapaan at pangka-unlarang pro-

(Sundan sa pahina 6)




***Makikita sa larawan si Rev. Fr. Joselito Chavez, parish priest ng Our Lady of Most Holy Rosary Parish, Jose Panganiban habang binasbasan ang bahagi ng Sta. Rosa Sur-San Rafael FMR habang nakamasid sina (mula sa kaliwa) Kgd. Joselito Perol, Bise Gob. Jonah G. Pimentel, Gob. Egay Tallado, PB Manolito J. Solomon, Kgd. Eduardo B. Barrameda, dating Punong Bayan William A. Lim, Board Member Edgar Dasco at Arch. Madonna Abular, Provincial Planning & Development Officer ng pamahalaang panlalawigan***




JOSE PANGANIBAN—Sta. Rosa Sur-San Rafael 2.81 Km Farm to Market Road, with P20 Million funding from OPAPP-PAMANA thru the intercession of HON. GOV. EDGARDO A. TALLADO

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO** *Governor*

VICE CHAIRMAN:
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Prov'l. Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supvsg Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM

**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,

**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula

**PHOTOGRAPHER** :
Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION** :
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**
**G.O-MASCD** - Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD** - Dario C. Dime
**G.O PCSSD** - PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO** - Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO** - Marino Abogado
**PLO** - Donna A. Guevarra
**PPDO** - Marilyn P. Asis;
**ProVet** - Samuel O. Villagen;
**PSWDO** - Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**—Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP** - Josephine Q. Badong

# Isinusulong na ARCP2 ni Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel...



Ang larawan ay kuha sa ginanap na regular na sesyon ng Sangguniang Panlalawigan noong ika-26 ng Hulyo 2012 sa session hall na dito ay dumalo si Kgg. Gob. Edgardo A. Tallado upang idulog ang badyet para sa ARCP2

*(Mula sa pahina 1)*
sa Camarines Norte.

Napuno ang sesyon hall dahil kasama ni Gob. Tallado ang mga kapitan at iba pang opisyales ng mga barangay na benepisaryo ng ARCP 2. Marami ring kawani ng pamahalaang panlalawigan ang naroon at iba tulad ng mga kinatawan ng media.

Nabigyan pagkakataon din na magpahayag ng sentimyento ang ilang punong barangay matapos na pansamantalang sinuspendi ang patakaran sa pagdaraos ng sesyon upang sila ay makapagsalita.

Sa bandang hapon nang magpatuloy ang sesyon ay nagkaroon ng pagboto sa Supplemental Budget No. 5 na pinagtibay ng mayoriya ngunit tinutulan na mapaloob dito ang P159 milyon na "equity" para sa ARCP2.

Ang naging resulta ng botohan ay 7 laban sa 6. Ang mga Sanggunian Panlalawigan Members na tumutol dito ay sina Kgg. Ruth F. Herrera at Kgg. Gerardo G. Quinones ng first district at sina Kgg. Teresita DL. Malubay, Kgg. Joeffrey B. Pandi, Kgg. Erwin L. Lausin, Kgg. Godfrey A. Parale at ex officio member Felix J. Oliva Jr., pangulo n g Liga ng Barangay. Samantala, 5 SP members ang sumangayon na pagtibayin ang kaukulang badyet para sa ARCP 2. Ito ay ang mga bokal mula sa bicol district na sina Kgg. Rodolfo V. Gache, Kgg. Romeo R. Marmol, Kgg. Ligaya L Pedron, Kgg. Edgar E. Dasco ng tagalog district at mga ex officio members na sina Kgg. Ricky P. Manarang, PCL at Kgg. Gladiola L. Villagomez, SK.

Sa isang liham sa Land Bank of the Philippines (LB) ng 7 bokal na tumutol sinabi nilang ang mga kadahilan ay ang mga sumusunod: mababaon sa utang ang pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte dahil may mga nauna na itong utang; 14 milyon na lamang daw ang matitira sa 20% development fund at mababawasan daw ang dapat ay laan sa mga pangunahing serbisyo tulad ng kalusugan tulad ng Philhealth, provincial roads, education/scholarship atbp.

Sa panayam naman sa gobernador ay sinabi naman niya taliwas ang sinasabi ng SP sa tunay na nangyayari sa lalawigan bunga ng kanyang pagsusumikap. Ayon sa gobernador, mas maraming kalsada ang nagawa niya sa loob ng 2 taon dahil masipag siyang manghingi ng proyekto at hindi siya umaasa lamang sa 20% development fund ng kapitolyo. Sa ilalim din ng kanyang administrasyon tumaas ang pondo ng scholarship na sa kasalukuyan ay P10Milyon na. Masmarami ang benepisaryo ngayon ng philhealth at magsisimula ng mamahaging muli para sa karagdagang benepisaryo.

Kinontra din ng gobernador ang dahilan ng 7 bokal na 45 baran-

*(Sundan sa pahina 2)*




**Felix J. Oliva Jr., Ex officio member/ Pangulo ng Liga ng Brgy**

## HINDI PABOR NA MAGLAAN NG EQUITY PARA SA ARCP2



Kgg. Teresita DL. Malubay Board Member, 1st District



Kgg. Erwin L. Lausin Board Member, 1st District



Kgg. Joeffrey B. Pandi Board Member, 1st District



Godfrey A. Parale Board Member, 1st District



Kgg. Ruth F. Herrera Board Member, 2nd District



Kgg. Gerardo G. Quinones Board Member, 2nd District

## PABOR NA MAGLAAN NG EQUITY PARA SA ARCP2



Kgg. Rodolfo V. Gache Board Member, 2nd District



Kgg. Romeo R. Marmol Board Member, 2nd District



Kgg. Ligaya L Pedron Board Member, 2nd District



Kgg. Edgar E. Dasco Board Member, 1st District



Kgg. Ricky P. Manarang, Ex officio member/Pres, Phil. Councilors' League



Kgg. Gladiola L. Villagomez, Ex officio member/ SK, Provl. Federation Pres.

## KONKRETO NA...

(Mula sa pahina 4)

grama sa mga lugar na may sigalot o usaping pangkapayapaan. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga pampamayanang inprastraktura ay maibasan ang kahirapan at ibalik sa mga mamamayan ang kanilang tiwala sa pamahalaan at maiwasan na ang armadong pakikipaglaban.

Ang target areas ng OPAPP-PAMANA ay yaong may "peace agreement, conflict-affected and vulnerable communities across 8 conflict zones) simula 2011 to 2016. Kasama dito ang Bicol Region.

Si Gob. Tallado ang Chairman ng Regional Peace and Order Council ng Bicol/ Region 5 at sa kanyang pakikipag-ugnayan ay nailipat sa pamahalaang panlalawigan ang pondong P140M at ang pagsasagawa ng mga proyekto sa pamamgitan ng Provincial Engineering Office. JAC

## BALAGTASAN...

(Mula sa pahina 7)

ngayong Agosto 2012.

Ang tema ng panlalawigang selebrasyon dito ay "Wikang Pambansa: Mahalagang Sangkap sa Panahon ng Pagbabago" na layuning mabigyang-diin ang kahalagahan ng paulit -ulit na pagsariwa sa naging mahalagang papel ng ating Wikang Pambsansa sa ebolusyon ng kasaysayan ng nagkakaisang lahing Pilipino na matamo ang tunay na pagbabago.

*AIDA B. PANDEAGUA/lt ibasco*

# ARCP2 Provincial Project Office

Sa pamagitan ng Executive Order No. 2011-31 ni Gob. Edgardo A. Tallado ay binuo ang PROVINCIAL PROJECT OFFICE (PPO) ng pamahalaang panlalawigan na siyang mamamahala ng implementasyon ng *Second Agrarian Reform Communities Project (ARCP2)* sa mga agrarian reform communities (ARCs) sa lalawigan ng Camarines Norte.

Kabalikat ang Department of Agrarian Reform (DAR), Ang PPO ay binubuo ng sumusunod: Chief Implementing Officer-Gov. Edgardo A. Tallado; Deputy Implementing Officer-Atty. Sim O. Mata, Jr. *(Provincial Legal Officer)*; PROJECT MANAGER-Arch. Madonna A. Abular *(Provincial Planning & Development Coordinator)*; Project Engineer-Engr. Cesar C. Paita *(Provincial Engineer)*; Project Budget Officer– Maribeth R. Malaluan *(Provincial Budget Officer)*; Project Treasurer-Mrs. Lorna A. Coreses *(Provincial Treasurer)*; at Project Accountant– Myrna V. Sendon, *(Acting Provincial Accountant)*.

Ang PPO ay kinabibilangan din ng mga sumusunod na grupo: 1) Senior Technical Staff /Technical Support Staff 2) Monitoring/ Administrative Support Staff 3)Support Staff-Engineering 4) Adminis trative & Clerical Staff (Engineering) at 5) Support Staff-Finance.

Bawat grupo ay binubuo ng ilang kawani ng pamahalaang panlalawigan na may kakayahan at karanasan upang isagawa ang gawain itinakda sa kanila kaugnay ng ARCP2.

Sa nasabing executive order ay inilatag din ang gawain ng bawat miyembro at bawat grupo upang masiguro na magiging maayos ang daloy ng implementasyon ng mga proyekto.

Itinatag ni Gob. Tallado ang PPO upang masiguro ang maayos na implementasyon ng ARCP2 sa Camarines Norte. Kapag naging mahusay at kahanga-hanga ang naging pagpapatupad ng mga proyekto, mabibigyan insentibo ang pamahalaaang panlalawigan na ang katumbas ay P20 Milyon kabawasan sa "equity" nito na P159 Milyon.

Binigyang sipi ng EO ang DILG, Dar at Malacanang *JAC/L. Rafon*

# PGCEAP Check Distribution at experience sharing

Muli ay nagtipon-tipon ang mga scholars/ grantees ng Provincial Government College Education Assistance Program (PGCEAP) noong ika-14 ng Agosto 2012 para tanggapin ang tseke na pambayad sa kanilang matrikula.

Ang tseke ay ipinamahagi nila G. Joey Boma, Executive Asst. IV/Acting Provincial Administrator, Gng. Jing Arriola Calimlim, ang bagong Community Affairs Officer at PGCEAP Program Officer, at G. Marcial P. Ferrer, Administrative Assistant II ng CAO.

Ang pamamahagi ng tseke ay isinasagawa kada semestre kapag ang halos lahat ng iskolar ay nakapagsumite na "registration/ enrollment form at certificate of grade o class cards. Samantala, para sa mga iskolar na nag-aaral sa Camarines Norte State College, ang matrikula ng lahat ng PGCEAP na nag-aaral ay isahan at direkta ng binabayaran sa CNSC. Ang bawat iskolar ay tumatanggap ng P5,000 sa bawat semester para sa matrikula. Sakali ang matrikula nila ay mas mababa sa P5,000, tatanggapin nila ang tseke na ang halaga ay ang natitira at yaon ay allowance na nila.

Nagkaroon din ng experience sharing ang ilan sa iskolars ukol sa kanilang pagsisikap na mag-aral.

Sa kasalukuyan ay may 982 iskolars. ***M. FRANCISCO***




*Mula sa kaliwa ay si G. Marcial Ferrer, Jing Arriola Calimlim, Joey Boma at mga iskolars ng pamahalaang panlalawigan sa pagtanggap nila ng tseke ng kanilang matrikula*

# MENSAHE NI GOB...

(Mula sa pahina 4)

natin itong pinaghirapan saka po ninyo sasabihin na ayaw ninyong matuloy. Ako po ay nagtatanong lang sa inyo. Nung ako po ay Vice Governor, nariyan ang record sa sangguniang panlalawigan na magpapatunay na wala po akong hinarang na proyekto ni Governor Atoy Typoco, na nagsalita ako ng di pumapayag dahil alam ko po na ang mga proyektong iyon ay kailangan ng mga taga Camarines Norte.

Sana po hindi na tayo nagpakapagod. Sayang ang ginastos ng provincial government sa preparasyon ng mga dokumento. Sa pagpirma ko pa lang ay talagang napakahirap na dahil sa sobrang dami at sa sobrang kapal na mga papeles. Gumastos na tayo ng malaking halaga para ang proyektong ito ay matuloy. Marami na po tayong mga empleyadong nagsakripisyo dito para maihanda at maipasa ang mga requirements. Kaya nga ako ay nagprisinta na makapagsalita dito at marinig ng mga nandito ngayon ang aking sentimiyento at ang akin pong pakiusap na huwag naman na magamit sa pulitika itong proyekto. May panahon tayo sa pulitika at matagal pa ito kaya ang isipin po natin ngayon ay ang kabutihan ng mga mamamayan natin sa Camarines Norte.

Wala nang darating pang ganitong mga proyekto sa Camarines Norte. Kapag hindi ito natuloy dahil sa pagurong natin, naniniwala po ako na black listed na tayo sa mga ahensiya na tumutulong sa atin. Ang pondo nito ay may time table o ibig sabihin ay may palugit na kung hanggang kailan natin dapat mapasimulan at maisakatuparan ang proyekto. Maraming probinsya ang nakikiusap at nanghihingi ng podo para po sa ganitong programa at heto tayo na para bang pakakawalan ang napakalaking pondong ibinibigay sa atin.

Ayaw po ba natin na maging maayos ang katayuan ng ating mga kababayan? Iyan po ang katanungan ko sa mga ginagalang nating mga board members. Sana naman ay pairalin nila ang kanilang mga puso. Kaya po muli, ang aking pakiusap sa mga kapwa ko public servant sa oras na ito….itong umaga na ito, na sana ay mabago pa ang inyong mga desisyon kung talagang mahal ninyo po at gusto ninyo maglingkod sa mga taga Camarines Norte. Siguro naman po ang mga board members ay nabigyan na po sila lahat ng kanilang mga hinihinging dokumento. Wala na akong dapat pa ipaliwanag dito sa proyektong ito dahil marami pong beses na inimbitahan ang finance group at ang mga engineer para tanungin sila at ipaliwanag ang kagandahan po ng project na ito.

Sa ating mabait at masipag na Presiding Officer kay Vice Gov. Jonah Pimentel, ako'y nagpapasalamat na nandito po ang suporta mo sa mga mamamayan ng Camarines Norte para matuloy po ang programang ito. Muli po maraming maraming salamat at mabuhay po kayo.

# 3 Senior Citizens Center akreditado

Nagsagawa ng imbentaryo ng *Camarines Norte Senior Citizens Center (CNSCC)* ang *Provincial Social Welfare and Development (PSWDO)* sa magkakahiwalay na petsa at lugar sa buwan ng Agosto 2012.

Natukoy rito na tatlo (3) lamang ang akreditadong *Senior Citizens Center (SCC)* sa lalawigan na kinabibilangan ng Daet at Jose Panganiban na nabigyan ng akreditasyon noong Abril 2009, at ang San Vicente noong Oktubre 2009. Ipinaalala ni *Social Welfare Officer I* Emma R. Oliver sa mga *SCC heads* ng Daet, Jose Panganiban at San Vicente na ang kanilang akreditasyon ay *renewable* tuwing ika-tatlong taon. Sa pagbisita sa mga bayan ng Basud, Capalonga, Labo, Mercedes, Paracale, San Lorenzo Ruiz, Sta. Elena, Talisay at Vinzons; si Ms. Oliver ay nagsagawa ng paunang ebalwasyon sa mga *SCCs* bago sila i-eendorso sa *DSWD Regional Office 5* para mabigyan ng akreditasyon. Ipinaunawa rin niya sa mga kaukulang opisyal na mahirap at mapagod ang proseso ngunit mahalagang makakuha sila ng akreditasyon para lubos nilang matamasa ang mga benepisyo at pribilehiyong bukas para lamang sa mga akreditadong *SCCs*.

Kailangan nilang ihanda ang mga sumusunod na dokumento para ipresenta kay Jaygee Masangque ng *DSWD RO5* na siyang magpro-proseso ng kanilang akreditasyon: 1) constitution and by-laws ng kanilang asosasyon o di kaya ay *SEC registration*; 2) *financial statement* mula sa munisipalidad; 3) resolusyon na pinagtibay ng *Senior Citizens Association*; 4) ordinansang inaprobahan ng Sangguniang Bayan patungkol sa kapakanan ng mga *senior citizens* o nakatatanda; 5) *safety permit* kasama na ang *fire and building structural safety certificate*, at 6) *work and financial plan* sa operasyon ng *SCC* na nakapaloob sa *Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO)* o *Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA) Annual Plan.* ***LORENA DELA TORRE- IBASCO***

# PINASINAYAAN ICE MAKER NG KAAGAPAY COOP SA LARAP JPCN




*Makikita sa larawan si Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gobernador Jonah G. Pimentel kasama si Punong Barangay Nimfa Dilao ng Larap at mga kasapi ng KAAGAPAY Producers Cooperative*

Labis ang pasasalamat ng KAAGAPAY Producers Cooperative ng Barangay Larap sa bayan ng Jose Panganiban dahil sa tinanggap nilang proyektong Ice Maker na pinasinayaan nitong Agosto 25, 2012.

Pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gobernador Jonah G. Pimentel ang inauguration and turn over ceremony ng nasabing liquid quick freeze (LGF) project ng Department of Agriculture at Provincial Government of Camarines Norte. Isa lamang ito sa mga maraming proyekto na naidulog ni Gob. Tallado sa mga ahensiya na mabigyan ang Camarines Norte.

Ayon kay Gob. Tallado, ang LQF equipment ay malaking tulong sa pagtaas ng kita ng mga magsasaka at mangingisda. Ang modernong equipment ay imbakan ng produkto nilang isda, gulay at prutas na hindi magbabago ang lasa at himaymay sa loob ng hanggang 6 n buwan. Ang freezer ay pwedeng maglaman ng 3,000 kilo bawat araw at kayang mapalamig ang 500 kilong produkto sa loob ng 20-60 minuto. Sa kasalukuyan ay nagbebenta na rin ang koopeartiba ng bloke ng yelo.

Ang kahalintulad na proyekto ay nakatakda na rin pasinayaan sa bayan ng Basud at Mercedes.

Kasabay sa araw na iyon ay dinala rin ni Gob. Tallado ang multi-services caravan sa barangay Larap upang maihatid ang serbisyong medical, dental, libreng gupit, salamin, pananim at marami pang iba.*JAC*

# BALAGTASAN ATBP SA BUWAN NG WIKA

Sa kauna-unahang pagkakataon, naitala ng Pamahalaang Panlalawigan ang pinakamalaking bilang ng mga kalahok sa mga paligsahang isinagawa nito bilang pakikiisa nito sa pagdiriwang ng bansa sa Buwan ng Wika ngayong taon na may temang, Tatag ng Wikang Filipino, Lakas ng Pagka-Pilipino".

Inabot nang maghapon ang Balagtasan na idinaos noong Agosto 29 dahil umabot sa 30 ang kalahok dito gayundin ang patimpalak sa Maikling Pagkukuwento noong Agosto 30 na nilahukan ng 39 mag-aaral sa elementarya, at ang Sabayang Pagbigkas noong Agosto 31 na sinalihan ng 7 paaralang sekondarya.

Sa idinaos na Balagtasan noong Agosto 29, nakuha ng tambalan nina Hernan Rennel T. Ybarola, Jepthali T. Olladas at Lian Leiangela Padilla ng *Jose Panganiban Elem. School*; ikalawang puwesto- Piolo T. Abrera, Macy Zapata at Gwyneth de Mesa ng *CNSC Abaño Laboratory Elem. School*, at ikatlong puwesto –Mark Angelo A. Balce at Sebastianne B. Daiz ng *Daet Elem. School.*

Nanguna naman si Joamy L. Obog ng Felix Asis *Elem. School-Labo West* sa paligsahan ng Maikling Pagkukuwento na isinagawa noong Agosto 30 habang pumangalawa si Frances Nicole A. Labarro ng *Daet Elem. School (DES)*, at pumangatlo naman si Pia Antolynne B. Malubay ng *MCE.*

Sa Sabayang pagbigkas, naiuwi ng CNNHS ang unang puwesto sa pangunguna ng kanilang tagapagsanay na si Ms. Clarissa C. Ibasco; ikalawang puwesto - San Felipe High School (Fe Sta. Clara), at ikatlong puwesto –DQ Liwag High School (Anita F. Obusan).

Itinaguyod ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang naturang mga gawain susog sa Proklamasyon Blg. 1041 na nagtatakda sa taunang pagdiriwang tuwing Agosto 1-31 bilang Buwan ng Wikang Pambansa. Layunin nito na mabigyang -diin ang kahalagahan ng patuloy na paglinang sa ating Pambansang Wika bilang mabisang kasangkapan sa komunikasyon, pagkakaunawaan at pagkakaisa ng bawat Pilipino.

Nagpalabas si Gob. Tallado ng Atas Tagapagpaganap Blg. 2012-11 na nag-aatas sa lahat ng mga tanggapan, kawanihan, kagawaran at ahensya ng pamahalaan, lahat ng paaralan pati na mga pribadong tanggapan sa lalawigan ng Camarines Norte na Wikang Pambansa ang gamitin sa lahat ng kanilang opisyal na mga transaksyon, sulat at korespondensya sa panahon ng paggunita ng Buwan ng Wika

*(Sundan sa pahina 6)*

# BAGONG CAO IV



Itinalaga si Gng. Jocelyn Grace A. Calimlim bilang bagong Community Affairs Officer/hepe ng Community Affairs Office noong ika 9 ng Agosto 2012. Bilang CAO IV, siya ang Executive Editor ng BANTAYOG, ang babasahing ito at Program Officer ng PGCEAP (Provincial Government College Education Assistance Program).

Ang dating CAO IV na si Mrs. Purita Brinas ay nagretiro na noong Hunyo 30 ngayong taon nang siya ay umabot na sa mandatory retirement age.

Dumaan si Calimlim sa pagsusulit na pinangangasiwaan ng Provincial Human Resources Management Office. Humarap din siya sa interbyu ng Provincial Selection Board na binubuo nina Atty Sherwin Mata, Board Member Leopoldo Gache, Board Member Godfrey Parale (liban), G. Joey Boma, Engr. Leopoldo Badiola at Ms. Magdalena Toledana, PHRMO.

Dati na rin siyang naglingkuran sa pamahalaang panlalawigan simula 1989 hanggang 2001 ng siya ay nagkandidato. Siya ay nasa tanggapan din ng Community Affairs Office ng nasa kapitolyo pa siya bilang Information Officer III o next in rank sa dati ring CAO IV na si G. Aaron Fermo na nagretiro naman noong 2005. Si Calimlim ay tapos ng kursong AB Political Science at Civil Service Professional Eligible. Si. Gng. Calimlim ay naging konsehal at bise alkalde ng Jose Panganiban. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# WELCOME TO CALAGUAS ISLAND SA 23rd PHILIPPINE TRAVEL MART









Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 3, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE AGOSTO, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

Muling lumahok ang Camarines Norte sa taunang Philippine Travel na ngayong taon ay idinaos sa SMX Convention Center, Mall of Asia Complex, Pasay City simula noong Agosto 10-12 kung saan 250 exhibitors ang nagtampok ng kani-kanilang turismo at produkto.

Pinakatampok na atraksyon sa espasyo o display area ng Camarines Norte ang landscape ng Calaguas Island (Mahabang Buhangin). Ito ay nasa gitnang espasyo at sa kanan naman ay ang Bagasabas Beach na itinampok naman ang "surfing" Sa kaliwang espasyo ay ang landscape ng Cadig Cave sa bayan ng Labo at makikita din dito ang San Lorenzo pineapple plantation at Colasi Falls sa bayan ng Mercedes. Ang buong display area o espayo ng Camarines Norte sa travel mart ay may sukat na 36 square meter.

Patok na patok ang landscape ng Calaguas Island na disenyo ni Fidel Panotes, draftsman III ng Provincial Planning and Development Office. Mula sa backdrop na tarpoline na nakikita ang Calaguas Island ay dumugtong ito sa buhangin na nanggaling pa sa Calaguas Island. Kitang-kita ang pagkapino nito at maraming nagpakuha ng larawan dito. Kabilang na ang mga Mutya ng Pilipinas.

Pinangasiwaan ng Provincial Tourism Operations Division (PTOD) sa pamumuno ni Atty. Debbee G. Francisco ang paglahok ng CN sa travel Mart. Kasama niya ang mga kawani ng PTOD at sina Luigi Querubin ng CAO, sina Gina Racelis, Rene Abustan, Ronilo de Vera, Noel Pimentel, Arnel Almadrones at Alex Quibral, pawang mga taga GSO. May mga kinatawan din mula sa LGU ng Daet, Mercedes at Vinzons. *JAC*




*Nasa gitna si Secretary Ramon R. Jimenez Jr. ng DOT sa kanyang pagbisita sa landscape ng Camarines Norte sa 23rd Philippine Travel Mart. Kasama sa larawan (L-R) DOT Region 2 Director Blesilda Diwa at kanyang kasama, si Angel David at Gina. R. Baranda kapwa kawani ng pamahalaang panlalawigan, Sec. Jimenez, Atty. Debbee G. Francisco, Supervising Tourism Operations Officer IV at G. Cesar Cruz, PHILTOA President*